



NEW MUSLIM
ACADEMY
PHILIPPINES

MAAARI BA AKONG
MAGING ISANG MUSLIM NA

VEGAN?

www.NewMuslimAcademy.ph

 /NewMuslimPH

 /NewMuslimPH

 /NewMuslimPH



Ang Veganismo ay isang sistema ng pilosopiya o paniniwala na umiiwas sa pagkain o paggamit ng anumang bagay na nagmula sa mga hayop, maging ito ay pagkain, damit, mga kosmetiko o anumang iba pang layunin. Ang pangunahing dahilan sa karamihang mga tao na ‘magiging vegan’ ay dahil sa mga suliranin sa kapakanan ng hayop, mga suliranin sa kalusugan o mga suliraning pangka-paligiran. Tulad ng maraming mga pilosopiya at mga paniniwala, ang ilan sa mga suliranin na nakapaloob dito ay maaaring kaanib sa paniniwala ng mga Muslim. Gayunpaman, may ilang iba pang mga isyu na hindi alinsunod sa ating relihiyon.

Mahalaga na gumawa ng pagkakaiba sa pagitan ng kung ano naaayon at sa di naaayon sa paniniwala ng mga Muslim tungkol sa pagkain at mga hayop. Mahalaga rin na tingnan at makilala sa pagitan ng pansariling mga pagpipilian sa kalusugan at mga alituntunin ng paniniwala. Ang ilang mga tao ay maaaring hindi gusto ang tsokolate bilang pansariling kagustuhan, nguni’t hindi sila lalapit upang igiit na ginawa ito ng Allah na ipinagbabawal para sa lahat na kainin.

Ang Paniniwala sa Karunungan at Paghuhukom ng Allah

Sa kaibuturan ng ating pananampalataya sa Allah na tinatanggap natin ang Kanyang mga pasya at mga paghatol.

Naniniwala tayo na ang Allah ay ang Pinaka- Marunong at Pinaka- Makatarungan sa Lahat. Samakatuwid, kung ano ang pinahintulutan ng Allah at mga batas ay dahil sa Kanyang walang hanggang kaalaman at karunungan sa benepisyo ng nasabing mga bagay, tulad ng kung ano ang ipinagbawal ng Allah ay dahil sa Kanyang walang hanggang kaalaman at karunungan sa mga pinsala ng nasabing mga bagay.

Ang Allah lamang ang gumawa ng batas sa kung ano ang maaari at hindi natin maaaring gawin. Upang hindi sumang-ayon sa mga kautusan ng Allah o tanungin ang mga ito, ay ang ipahayag na hindi alam ng Allah kung ano ang makabubuti sa atin. Ang mga kautusan ng Allah ay higit pang nilinaw ni Propeta Muhammad (SAWS) sa pamamagitan ng halimbawa at kagandahang-asal na nagbigay-daan sa atin upang makita ang kagandahan ng ating relihiyon.

Halimbawa, isinabatas ng Allah ang ilang mga uri ng karne na pinahihintulutang kainin. Pagkatapos ay itinuro sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) ang suliranin sa kapakanan ng mga hayop at pangkalahatang kalusugan.

Sinabi sa atin ng Allah sa Qur'an na ang ilang karne ay pinahihintulutang kainin. Ang hindi pagsang-ayon dito ay ang pagtangga sa kautusan ng Allah. Maaari mong piliin na kumain ng mas kaunti o iwasan ang karne ng ilang panahon para sa kadahilanang pangkalusugan, nguni't ang paniniwala na ito ay pinahihintulutan ay dapat na laging manatili.

Gayundin, ang ilang mga ritwal na gawain ng pagsamba sa Islam na may kinalaman sa pagkakatatay ng mga hayop, tulad ng kapanganakan ng isang bata, mga pagdiriwang sa Kapistahan ng Pag-aalay (Eid Al-Adha), at sa maraming mga peregrino o manlalakbay na nagsasagawa ng pangunahing paglalakbay sa banal na lugar sa Makkah. Sa mga panahong ito, dapat o nararapat kang makiisa sa ritwal na pagkakatatay at paghahain ng hayop bilang isang gawaing pagsamba.



Kapakanan ng Hayop

Ang isa sa pangunahing mga argumento ng veganismo ay ang panawagan sa kapakanan ng mga hayop. Hinihimok ng mga veganismo na ang pagkonsumo ng mga hayop ay pagsasamantala. Sa Islam ay tinitingnan natin na ang mga hayop ay mga nilikha ng Allah. Nilikha ng Allah ang maraming mga pagkukunan para sa atin, kabilang ang mga hayop, at ginawa Niya tayong mga katiwala nito. Tayo ay may pananagutan sa mga mapagkukunang ito at may mga alituntunin sa Islam kung paano pangalagaan ang mga ito ng maayos. Ang mga hayop ay may mga karapatan sa atin, lalo na ang mga hayop na ginagamit natin sa pagsasaka, agrikultura o bilang mga alagang hayop. Ang saktan ang mga hayop o maging pabaya sa kanilang kapakanan ay hindi pinahihintulutan sa Islam, at ito ay isang malaking kasalanan, Binigyang-diin ito ni Propeta Muhammad (SAWS) sa ilang bilang ng kanyang mga tradisyon.

Gayunpaman, dahil lang na ang isang tao ay maaaring kumain ng karne, hindi ito nangangahulugan na madali nilang saktan ang mga hayop. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na pinarusahan ng Allah ang isang babae na nagkulong sa isang pusa; ginutom ito. Ipinaalam rin niya sa atin na pinawatad ng Allah ang isa pang babae na nagpainom ng tubig sa isang nauuhaw na aso. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang mga hayop na ginagamit sa paggawa ay hindi dapat labis na pinagtatrabaho, kinakargahan ng labis o sinasaktan.



Ang mga hayop ay dapat na panatilihin sa malinis na tirahan, pinapakain ng malinis, hindi nakapipinsalang pakain, at binabantayan. Sinabi ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang Allah ang Pinaka-Dalisay sa lahat at kaya tinatanggap lamang kung ano ang malinis. Pagdating sa pagkatay, ang mga hayop ay di dapat malungkot dahil nakikita ang ibang mga hayop na kinakatay o kahit ang makita ang isang talim. Dapat silang katayin ng mabilis, pagputol sa dalawang pangunahing arterya at ugat sa leeg na tinitiyak ang isang mabilis na kamatayan.

Samakatuwid, ang pag-aalala tungkol sa kapakanan ng hayop, ang mapagkukunan ng ating pagkain, at ito ay tama, na ang mga hayop ay hindi pinagsamantalahan o inapi at sinaktan; ang lahat ng ito ay naaayon sa Islamikong mga katuruan. Ang mga katulad na suliranin ng kakulangan ng kapakanan at mga pamantayang etikal ay maaaring gawin sa agrikultura at pagsasaka. Ang mga pagsasanay na ito ay hindi ginagawang pinagbabawal ang mga pagkaing iyon sa kanilang mga sarili, nguni't himukin tayo na panatilihin ang ating sarili at ang iba pa sa mas mataas na pamantayan.



Ang Epekto sa Kalusugan ng Tao

Ang isa pang argumento ng veganismo ay ang pangkalusugang benepisyo na nakapaloob dito. Ang labis na pagkonsumo ng karne ay nagdudulot ng mga sakit at karamdaman tulad ng mataas na kolesterol, mga sakit sa puso, mataas na panganib ng diabetes at iba pa. Inirerekomenda ng Islam na ang mga Muslim ay kumain ng balanseng pagkain at bantayan ang pagkain na kanilang kinakain. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na hindi tayo dapat kumain ng labis. Ang kanyang pagkain ay katamtaman. Inutusan niya ang mga hindi mabusog ang kanilang sarili sa ilang subo ng pagkain na dapat nilang ireserba ang ikatlong bahagi ng kanilang mga tiyan para sa pagkain, isang ikatlong bahagi para sa inumin at ang huling ikatlong bahagi para sa paghinga.



Ang paniniwala sa Kaalaman at Karunungan ng Allah sa Umuusbong na mga Siyentipikong Argumento

Ang mga suliraning ito ay bumabalik rin sa pagtitiwala sa Allah kaysa sa umuunlad na mga siyentipikong argumento. Halimbawa, ang kasalukuyang mga siyentipiko ay hindi tiyak na masasabi kung nakakaramdam ng sakit o hindi ang mga halaman. Alam natin na ang mga halaman ay tumutugon sa mga sensasyon, nguni't tila wala silang mga ugat o utak. Gayunpaman, ito ay maaaring mangyari sa mga panahong darating, matutuklasan ng agham o siyensya na ang mga halaman ay nakakaramdam ng sakit. Maiiwasan ba natin ang isang bahagi ng halaman sa ating pagkain?

Kaya, ang paniniwala sa kaalaman at karunungan ng Allah ay mahalaga para sa isang Muslim. Sa anumang paraan, maging matalino at etikal sa iyong pagkain ng karne, nguni't huwag mahulog sa patibong na gawing ipinagbabawal kung ano ang pinahintulutan ng Allah. Samakatuwid, ang katamtamang pagkain at magiging mulat sa kalikasan ng mundo sa ating paligid ay bahagi ng Islam. Gayunpaman, ito ay hindi nangangahulugan na hindi natin matatamasa ang ilang mga bahagi ng mundo sa paraang pinahintulutan ng Allah.



Ang Epekto sa Kapaligiran

Isinaad ng veganismo na ang karne at pagkonsumo sa gawa sa gatas ay hindi makabubuti sa kapaligiran. Itinuro sa atin ng Islam na pangalagaan ang ating kapaligiran. Ipinahayag ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang pag-alis ng basura mula sa daanan ay isang pinagpalang gawain na itinuturing na bahagi ng tunay na pananampalataya. Gayunpaman, ang paninindigan ay dahil sa epekto nito sa kapaligiran, na ang karne ay hindi dapat kainin, ito ay mali.

Ang pagtatanim ng mga pananim ay mayroon ding pangunahing epekto sa kapaligiran. Ang dami ng tubig na kailangan, ang mga kemikal tulad ng mga pestisidyo (isang sangkap na ginagamit sa pagsira o pagpatay sa mga insekto) na ginamit at ang pinagtapuan ng basura ng mga pananim at ani ay hindi maliit na bahagi. Maaari din nating tingnan ang suliranin ng pagsasamantala sa migranteng manggagawa pagdating sa pagtatanim sa mga sakahan.

Gayunpaman, tulad ng sa karne, ang mga suliraning ito ng produksyon ng pananim ay mga etikal na isyu na kailangang tugunan at ayusin. Tulad ng hindi makatwiran na gawing ipinagbabawal ang pagkain ng mga gulay, hindi nila dapat gamitin na gawing ipinagbabawal ang pagkain ng karne.

Sa katapusan, mayroon tayong buo at komprehensibong alituntunin sa Islam pagdating sa produksyon ng pagkain at pagkonsumo. May mga batas tayo ng Allah gayundin ng mga parametro (nagtatakda ng mga kondisyon) at mga tuntunin ng kagandahang-asal na malinaw na nakasaad sa Banal na Qur'an at mga katuruan ni Propeta Muhammad (SAWS). Ang mga Muslim ay malayang pumili ng kanilang sariling kagustuhan sa pagkonsumo ng pagkain, nguni't ito ay hindi dapat sumalungat sa batas ng Allah sa kung ano ang pinahintulutan at ipinagbabawal.